Mga Alituntunin ng ITU

Tungkol sa kung paano matitiyak na naa-access ng lahat ng tao, kabilang ang Mga Taong may Mga Kapansanan, ang mga digital na impormasyon, serbisyo, at produkto sa panahon ng COVID-19[i]

Nahaharap ang mundo sa kauna-unahan nitong karanasan kung saan ang mga ICT (Information and Communication Technologies) ang halos tanging posibilidad upang magkaroon ng komunikasyon sa isa't isa ang mga tao. Hindi pa kailanman naharap ang sangkatauhan sa naturang pagdepende sa digital na teknolohiya upang ma-access ang mga mahalagang impormasyon o kinakailangang serbisyo at produkto para mabuhay. Kaya naman, napakahalaga para sa lahat ng tao na ma-access ang impormasyon at mga tagubilin sa panahon ng COVID-19, anuman ang ating kasarian, kakayahan, edad o saanman ang ating lokasyon.

Dahil dito, mahalagang naipapamahagi at nakukuha sa mga naa-access na format ang pangunahing digital na impormasyon tungkol sa COVID-19[1], upang matiyak na maaabot nito ang lahat ng tao at walang mapag-iiwanan, kabilang ang mga taong may mga kapansanan, partikular na ang mga taong may mga problema sa paningin o pandinig na nangangailangang gumamit ng mga alternatibong solusyon gaya ng mga screen reader, caption o sign language upang mabasa at maunawaan ang digital na impormasyon. Kung hindi ito gagawin, maraming taong may mga kapansanan ang mahaharap sa mas mataas na panganib ng pagkahawa dahil sa kakulangan ng access sa impormasyon tungkol sa mga hakbang na dapat isaalang-alang at sundin sa panahong ito ng pandemya.

Samakatuwid, napakahalagang gumamit ng maraming paraan ng komunikasyon tulad ng mga naa-access na website, telepono, radyo, mga video, mga leaflet, paglalagay ng caption, mga chat, atbp. bilang karagdagan sa pagbibigay ng impormasyon na may simpleng pananalita, madaling basahin at nasa mga naa-access na format. Mahalaga ang pagiging available ng mga nakalaang helpline at ang pagpapaalam ng tungkol dito, na ginawa upang matiyak na naa-access ang impormasyon tungkol sa pampublikong kalusugan (kabilang ang mga serbisyo ng pag-relay para sa mga taong bingi at nahihirapang makarinig), para mabawasan ang pagkalat at epekto ng pandaigdigang pandemya.

Maraming taong may mga kapansanan ang umaasa sa regular na paghahatid sa bahay ng mga kinakailangang item para sa kanilang kalusugan tulad ng mga gamot, produktong pang-hygiene

---

[1] **Mga Video na tutorial ng ITU tungkol sa kung paano bubuo at mag-aangkop ng naa-access na digital na content**

Pumunta sa mga sumusunod na link para sa mga online na libreng kurso ng pagsasanay ng ITU- D para sa sariling pag-aaral tungkol sa pagiging naa-access ng ICT:

- *Pagiging Naa-access ng ICT - Ang Susi sa ingklusibong komunikasyon* (nasa English)
- ***Pagiging naa-access ng web – ang Sandigan ng Ingklusibong Digital na Lipunan*** (nasa English)

at pagkain. Kung kaya, bukod sa posibleng hindi kaaya-ayang epekto ng social distancing at pagkakawatak ng mga network ng suporta, kung hindi titiyakin ng mga retailer at provider ng produkto at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang pangunahing organisasyon ang pagiging naa-access ng kanilang mga online na impormasyon, serbisyo at produkto, hindi lang mapeperhuwisyo ang maraming taong may mga kapansanan, maaari ding mailagay sa panganib ang buhay nila dahil sa kakulangan ng access sa napakahalagang impormasyon, gamot at iba pang lubhang kinakailangang produkto at serbisyo.

Dahil sa mahalagang papel ng mga ICT sa pandaigdigang pandemya na COVID-19, ibinibigay ang mga sumusunod na alituntuning naglalaman ng mahahalagang mensahe at pagkilos upang matiyak na naa-access ng lahat ng tao, kabilang ang Mga Taong may Mga Kapansanan, ang mga digital na impormasyon, serbisyo, at produkto na inihahatid sa buong mundo , at walang mababalewala sa pandaigdigang pagsubok na krisis na ito.

MGA MAHALAGANG MENSAHE AT PAGKILOS

1. **Tiyaking ibinibigay sa mga naa-access na format ang mga mahalagang digital na impormasyon, serbisyo at kinakailangan upang mabawasan ang pagkahawa sa COVID-19 para mabigyang-daan ang pagkakaroon ng access ng lahat ng tao, kabilang ang mga taong may mga kapansanan, sa napakahalagang impormasyong ito:**

Dapat ihatid sa mga naa-access na format ang content at impormasyon hinggil sa COVID-19 upang maunawaan ng lahat, kabilang ang mga taong may mga kapansanan, ang tungkol dito. Halimbawa, hindi maa-access ng mga taong bingi ang mga pampublikong patalastas sa telebisyon, online na video at webcast na may audio lang maliban kung magsasama sa mga ito ng mga subtitle o interpretasyon sa sign language. Katulad sa anupamang sitwasyon ng emergency, bukod sa mga tradisyonal na anyo ng media (TV at radyo), kasama sa ICT ang iba't ibang mekanismo na nagpapabilis sa pakikipag-ugnayan sa mga taong may mga kapansanan sa mga naturang hindi pangkaraniwang sitwasyon: mga landline, mobile audio, SMS/text message at serbisyong nakabatay sa Internet at mga resource na gaya ng mga website, video, instant messaging app, voice service sa Internet Protocol (IP), pakikipagkumperensya sa web sa pamamagitan ng mga social media network na nagbibigay-daan sa agarang pakikipagkomunikasyon at palitan ng digital na content (mga larawan, video at dokumento) at mga komunikasyon sa satellite.

2. **Upang matiyak na maa-access, mauunawaan, at magagamit ang mga digital na impormasyon at serbisyo ng lahat ng tao kabilang ang mga taong may mga kapansanan, dapat isaalang-alang ang mga sumusunod na aspeto:**

    a. Ang **Pampublikong impormasyon** na nasa mga audio at visual na format na inihahatid sa pamamagitan ng mga elektronikong display screen sa mga pampublikong lugar gaya ng mga platform sa railway, retail na tindahan, parke at iba pang pampublikong lugar ay nakakaabot sa mga taong maaaring walang access sa

mga personal na ICT device.[2] Hangga't maaari, magpakita ng graphics at mga larawan bilang karagdagan sa text. Ang mga pinatutunog na alarm at/o sirena kapag may mga emergency na sitwasyon ay sinasamahan dapat ng mga kumikislap na ilaw upang maipahayag ang klase at antas ng panganib.[3] Dapat ding ibigay sa pamamagitan ng mga visual na digital na alternatibo ang mga impormasyon at abisong inihahatid sa pamamagitan ng mga system ng Pampublikong Address.[4]

b. Maaaring gamitin ang **Radyo** nang may mga nakakabit o espesyal na feature upang mabigyang-daan ang paggamit dito ng mga taong bingi o nahihirapang makarinig. Halimbawa, mga device na maaaring mag-transmit ng mga broadcast bilang mga vibration, mga kumikislap na ilaw at simpleng text upang alertuhan ang mga indibidwal na bingi at nahihirapang makarinig tungkol sa mga paghihigpit para sa COVID-19 at/o mga hakbang na ipinatutupad ng Pamahalaan upang malimitahan ang paghawa. Dapat ay may kasamang transkripsyon ng content sa live na online na radyo o mga podcast.[5]

c. **Telebisyon:** Dapat maglagay ng closed caption/subtitle na nasa mga lokal na wika upang ma-access ang audio na komentaryong nauugnay sa COVID-19 ng mga taong may mga problema sa pandinig o maaaring nahihirapan sa pag-unawa sa wika. Dagdag dito, dapat gumamit ng mga interpreter sa sign language kapag nagbibigay ng impormasyon sa telebisyon tungkol sa sitwasyon ng pandemya.[6]

d. **SMS:** Kung ipapadala lang ang impormasyon bilang SMS, hindi maisasama rito ang mga taong nangangailangan ng mga hindi visual na input at walang access sa mga mamahaling device na nakakapag-convert ng text sa iba pang format gaya ng audio. Kung kaya, dapat ding ipadala sa maraming format sa lahat ng iba't ibang channel sa pagpapabatid ang mga babala at alerto tungkol sa mga hakbang na nauugnay sa COVID-19 at hakbang na nauugnay sa pandemya. Dapat ay may kasamang mga alternatibong paglalarawan sa lahat ng larawang kalakip ng mga mensahe.

e. Naa-access ang **WhatsApp** at gumagana sa Talkback at Voice Over. Babasahin ni Siri nang malakas ang mga mensahe sa WhatsApp at sa mga bagong telepono,

---

[2] *Department for Transport and Transport Scotland. Mga Pamantayan ng Disenyo para sa Mga Naa-access na Istasyon ng Tren - Isang pinagsamang Kodigo ng Kasanayan, pahina 109, K7. Mga Karatula – mga display screen.

[3] *US Access Board. 702 Mga Pang-emergency na System ng Alarm

[4] *Department for Transport and Transport Scotland. Mga Pamantayan ng Disenyo para sa Mga Naa-access na Istasyon ng Tren - Isang pinagsamang Kodigo ng Kasanayan, pahina 115, L1. Mga Anunsyo – pangkalahatan.

[5]*Pambansang Konseho sa Kapansanan sa "Mabibisang Komunikasyon para sa Mga Taong may Mga Kapansanan: Bago ang, Habang, at Pagkatapos ng Mga Emergency". Pahina 45: Mga solusyon sa pagiging naa-access; pahina 104: Talahanayan 9. Mga Pamamaraan ng Pagtanggap at Pag-verify ng Mga Alerto; pahina 148: Bagong Kasanayan: Radyong May Caption

[6] *National Council on Disability. "Effective Communications for People with Disabilities: Bago ang, Habang, at Pagkatapos ng Mga Emergency". Pahina 45: Mga solusyon sa pagiging naa-access; pahina 104: Talahanayan 9. Mga Pamamaraan ng Pagtanggap at Pag-verify ng Mga Alerto

magagawa ring idikta ang mga mensahe sa pamamagitan ni Siri. Kapag gumagamit ng WhatsApp, iwasan ang paggamit ng mga emoji.

f. Naka-enable dapat sa maraming wika ang mga abiso sa **Email** tungkol sa COVID-19. Dapat ay nakadisenyo ang software nang alinsunod sa mga alituntunin sa pagiging naa-access upang mabigyang-daan ang tuloy-tuloy na pagpapatakbo nito sa iba't ibang device at sa pamamagitan ng pantulong na teknolohiya ng user. Maaaring tiyakin ng ilang system ng alerto sa desktop na naihahatid sa iba't ibang format ang mga pop-up na mensahe bukod sa text at audio beep.
Ang paggamit ng graphics sa mga alertong nauugnay sa COVID-19 ay maaaring makatulong sa mga taong nahihirapan sa pag-unawa sa text. Dapat ay may kasamang mga alternatibong paglalarawan sa lahat ng larawan.[7]

g. **Mga social network:** Mas nagiging madali na ang pag-access sa mga bagong bersyon ng mga pinakasikat na social media network. Ibig sabihin, may mga iniaalok na feature sa pagiging naa-access ang Facebook, Instagram, Twitter, at YouTube. Mahalagang bagay na ang mga ahensya sa medisina at impormasyon na nagpa-publish sa mga platform na ito ng kinakailangang impormasyon tungkol sa COVID-19 at mga hakbang sa pandemya ay may kaalaman tungkol sa pagiging naa-access ng digital na content upang matiyak na maa-access ng lahat ang mga mensahe.[8]

h. Ang **Mga Website** na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa COVID-19 at iba pang kaugnay nito upang mabawasan ang pagkahawa sa buong mundo /rehiyon o bansa ay dapat nasuri muna para sa pagiging naa-access nito[9] upang matiyak na hindi mahahadlangan ang mga taong may mga kapansanan sa pag-access sa mahalagang impormasyong ibinabahagi sa website. Ang lahat ng nauugnay na digital na dokumento (word, PDF) na ibinibigay sa pamamagitan ng website ay maaaring naa-access/hindi nagagamit ng mga taong gumagamit ng mga screen reader kung ang mga ito ay nasa mga format na hindi nababasa nang malakas, gaya ng mga JPEG file o hindi naa-access na PDF file ng larawan (hal. mga na-scan na larawan).
Sa kabilang banda, mga mahusay na paraan ang mga larawan at graphics upang mailarawan ang content para sa mga taong may mga kognitibong kapansanan, o mga taong iba ang sinasalitang wika; gayunpaman, dapat suportahan ang mga ito ng text na impormasyon upang matiyak na matatanggap at mauunawaan ang impormasyon ng mga taong may mga problema sa paningin na gumagamit ng screen reading software para sa voice o braille display output. Dapat ay may paglalarawan sa mga link sa mga external na website. Ang bawat elemento ng website ay naa-

[7] *Microsoft: Make your Outlook email accessible to people with disabilities
[8]*UK Government Digital Service. Social Media Playbook - Pagiging Naa-access
[9] *The standard to ensure Web Content Accessibility being the WCAG 2.1

access dapat sa pamamagitan ng keyboard para sa mga taong hindi gumagamit ng mouse.[10]

Para sa mga karagdagang resource ng ITU at impormasyon upang suportahan ang digital na pagsasama ng mga taong may mga partikular na pangangailangan, mangyaring pumunta sa: Pagiging Naa-access ng ICT para sa Mga Taong may Mga Partikular na pangangailangan (nasa English) at Digital na Pagsasama ng ITU-D (nasa English)

---

[i] ***Hindi kumpleto ang mga alituntuning ito***
Disclaimer sa Pagsasalin: Bagama't nagsasagawa ng naaangkop na pagsisikap upang maibigay ang tumpak na pagsasalin ng maikling Mga Alituntunin ng ITU tungkol sa kung "*Paano matitiyak na naa-access ng lahat ng tao, kabilang ang Mga Taong may Mga Kapansanan, ang mga digital na impormasyon, serbisyo, at produkto sa panahon ng COVID-19*" sa iba pang wika bukod sa orihinal na magagamit sa 6 na wika sa UN: English , Arabic , Chinese , French , Russian, Spanish , dahil sa ilang partikular na teknikal na wikang may kaunting pagkakaiba ang teksto, posibleng magkaroon ng bahagyang kaibahan ang pagsasalin. Walang aakuing pananagutan para sa anumang pagkakamali, pagkakaalis, pagiging malabo ng teksto, o para sa pagkamaaasahan ng nakasaling impormasyon. Kung sakaling magkaroon ng pagkakaiba, ang mga English na orihinal na bersyon ang susundin.

---

[10] *W3C Web Accessibility Initiative tutorials

*** Hindi resource ng ITU:** *Ang lahat ng impormasyon sa mga site na ito ay ibinigay nang may magandang hangarin, gayunpaman, hindi kami nagsasagawa ng anumang pagkatawan, anumang klase ng pag-promote o paggarantiya, pagpapahayag o pagpapahiwatig hinggil sa pagiging tumpak, sapat, valid, maaasahan o kumpleto ng impormasyong ibinibigay ng mga external na site na ito.*